

Impormasyon sa Accessibility ng 9-1-1

Ang mga pay phone sa lungsod ay nakahanda para makatawag ka ng tulong sa 9-1-1 nang hindi naglalagay ng pera sa telepono.

Available ang mga tagapagsalin sa higit sa 150 wika upang tulungan ang mga residenteng hindi nakakapagsalita ng Ingles.

Ang kagamitan ng 9-1-1 ay TTY-enabled para sa mga bingi at may kapansanan sa pandinig.

Malapit na, Magtext-sa-9-1-1

Ang Magtext-sa-9-1-1 ay isang mas bagong teknolohiya sa California at magiging available sa loob ng County ng Los Angeles sa dulo ng 2017. Ang kakayahang magpadala ng mensahe sa text sa 9-1-1 ay magbibigay sa publiko ng mga karagdagang paraan ng paghiling ng mga serbisyo sa emergency at magbibigay ng karagdagang suporta sa komunidad ng mga bingi, nahihirapang makarinig at may kapansanan sa pagsasalita.

Mga Tip sa Pagtext

- Huwag magtext habang nagmamaneho;
- Maghanda sa pagsagot sa mga tanong at sundin ang mga panuto ng Dispatcher ng 9-1-1;
- Magtext sa simpleng mga salita – ipadala ang iyong mensahe nang walang pagpapaikli, isalng, or mga emoji;
- Ang mga larawan at video ay hindi maaaring ipadala sa 9-1-1 sa ngayon;
- Ang mga tawag sa telepono sa 9-1-1 (kung posible) ang laging pinakamahusay at pinakamabilis na paraan upang makatanggap ng tulong.

Karagdagang Impormasyon sa Kahandaan sa Sakuna

Pakibisita ang mga website ng aming kagawaran:

longbeach.gov/disasterpreparedness

longbeach.gov/fire

longbeach.gov/police

longbeach.gov/CivilService

Mga Alternatibong Direktang Numerong Pang-emergency:

Pulis - 562-435-6711

Bumbero- 562-436-8211

Mga Social Media Site:

[twitter.com/@LongBeachDP](https://twitter.com/LongBeachDP)

[Instagram/ @longbeachdprep](https://www.instagram.com/longbeachdprep)

[facebook.com/@LongBeachDisasterPreparedness](https://facebook.com/LongBeachDisasterPreparedness)

Magparehistro ngayon sa **AlertLongBeach:**

longbeach.gov/disasterpreparedness/alert-long-beach/



Kagawaran ng Kahandaan sa Sakuna
at mga Komunikasyon sa Emergency
2990 Redondo Ave
Long Beach, CA 90806

P (562)570-9250 F (562)570-9254
E LongBeach-EOC@longbeach.gov

Ang impormasyong ito ay available sa alternatibong format kung hihilingin sa (562)570-9250. Na-update noong Hulyo 2017.
©2016 Lungsod ng Long Beach. All rights reserved.

Isang Gabay sa Pagtawag sa Mga Serbisyong Pang-emergency ng 9-1-1:

Kapag kailangan mo ng Pulis, Bumbero o Paramediko.



LUNGSOD NG LONG BEACH

Kagawaran ng Kahandaan
sa Sakuna at Mga
Komunikasyon sa
Emergency



CITY OF
LONG BEACH

“Tumawag kung maari, magtext kung hindi”

Alamin Kung Kailan Tatawag sa 9-1-1

Ang 9-1-1 ay para sa mga emergency lamang. Dapat mo lang i-dial ang 9-1-1:

- Upang iulat ang isang krimen o kahina-hinalang tao;
- Upang tulungan ang taong nasaktan o kailangan ng tulong;
- Kung nakakaamoy ka ng usok o nakakakita ng sunog;
- Kung ikaw o ang ibang tao ay may medikal na emergency;
- Upang iulat ang pinsala sa katawan mo o sa ibang tao;
- Kung hinihinala mong nagaganap ang isang krimen.

Kung hindi ka sigurado kung ang sitwasyon mo ay isang emergency, maging laging nasa panig ng kaligtasan at tumawag sa 9-1-1 at hayaan ang dispatcher na sumagot ng tawag mo ang gumawa ng desisyon kung magpapadala ng tulong o hindi.

Alamin kung Kailan HINDI Tatawag sa 9-1-1

Huwag tumawag sa 9-1-1 dahil lang nasunog mo ang hapunan at ang iyong mga bisita ay dadating na sa ilang saglit, upang magbiro, o dahil huli ka na sa pagpupulong at kailangan ng tulong na hanapin ang isang adres.

Habang ang mga sitwasyong iyon ay mga emergency para sa iyo, hindi sila para sa kaligtasan ng publiko. Ang hindi tamang paggamit ng sistema ng 9-1-1 ay pagsasayang ng mga rekurso at nang-aabala sa mga linya ng 9-1-1 center.



“I-lock bago Ibulsa” Siguraduhing ang cellphone mo ay naka-lock upang maiwasang aksidenteng mai-dial ang 9-1-1.

Paano Gumawa ng Emergency na Tawag sa 9-1-1

IPINADADALA AGAD ANG TULONG

Ipinapadala ang tulong habang nakikipag-usap ka sa Dispatcher ng 9-1-1. Habang paparating ang tulong, magtatanong ang Dispatcher ng 9-1-1 ng mga karagdagang katanungan.

Ang Sumusunod na Impormasyon ay tutulong sa Mga Dispatcher ng 9-1-1 na ipadala ang tamang tao at kagamitan para sa insidente:

NASAAN ANG PROBLEMA?

Maaaring ma-contact ang mga Disptahcer ng 9-1-1 sa halos kahit na anong device na nakakatawag (tradisyonal na landline, cell, VoIP).

Alamin kung nasaan ka. Sabihin sa Dispatcher ang iyong pangalan, numero ng telepono, at adres kung saan ka tumatawag.

Ang pagtukoy kung nasaan ang problema o kung nasaan ka marahil ang pinakamahalagang impormasyon na maaari mong ibigay bilang tumatawag sa 9-1-1. Maging listo sa iyong paligid at maging detalyado hangga't maaari. Kung hindi mo alam ang adres ng kalye, maghanap ng mga landmark o kalsada sa pagtawid. Kung ikaw ay nasa loob ng isang malaking gusali o isang may maraming palapag, maaari mong tulungan ang mga serbisyong pang-emergency sa pamamagitan ng pagsasabi sa dispatcher kung nasaang palapag ka, kung nasaang apartment ka, atbp.

ANO ANG PROBLEMA?

Manatiling Kalmado. Kung kausap mo sa telepono ang Dispatcher ng 9-1-1, ikaw ang mata at tenga nila. Kahit na maaaring gusto mo, subukang huwag mag-panic. Kailangan ding malaman ng mga dispatcher kung ang krimen/sitwasyon/insidente ay nadiskubre lang o naganap lang ba ito?

Ipaalam sa Dispatcher ang uri ng emergency na inuulat mo. Isang pagnanakaw, atake sa puso, aksidente sa trapiko, o magulong kasiyahan? Kumalma. Kung mas mabilis mong masasagot ang mga tanong nila, mas mabilis nilang maibibigay ang mga tamang serbisyo sa lugar mo.

Sabihin sa Dispatcher na sasagot ng telepono kung anong problema tulad nito;

..... Nasusunog ang bahay ko.

..... Nahulog ang nanay ko at tumama ang ulo niya.

..... Nakaririnig ako ng ingay sa labas at nakakikita ng isang anino sa bintana.

..... Kauwi ko lang at nilooban ang bahay ko.

HUWAG IBABA ANG TELEPONO hanggang sa sabihin ng Dispatcher ng 9-1-1 na dapat mo nang ibaba. Maaaring kailangan nilang magtanong ng mga karagdagang katanungan upang tulungan ang mga opisyal ng pulisya, bumbero, at paramediko na mabilis kang mahanap hangga't maaari.

Kung nais mong ikansela ang iyong hiling habang nasa tawag, sabihin nang malinaw sa dispatcher BAGO ibaba o mag-disconnect.

Turuan ang iyong mga Anak Tungkol sa 9-1-1

Sabihin sa iyong mga anak na ang 9-1-1 ang numerong tatawagan kapag kailangan nila ng tulong o nakakikita sila ng taong nangangailangan ng agarang tulong.

Mahalagang matututo ang mga bata na may mga tiyak na pagkakataon kung kailan ang pagtawag sa 9-1-1 ang tamang gawin. Sabihan sila na tatawag lamang kapag may tao o may nasaktan o nasa panganib o kung kailangan nila ng pulis, bumbero, o doktor.

Interesadong maging isang Dispatcher ng 9-1-1? Tingnan ng Serbisyo Sibil ng Long Beach para sa mga oportunidad ng trabaho.